

Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

Vol.10 Hunyo 27, 2011 nilathala

Ukol sa Impormasyong Magasin na ito

Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang puwedeng makatulong agad na impormasyon, mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng kalamidad at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas) Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala: Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F

Tel: 024-522-6540 Fax: 024-523-4477

http://www.pref-f-svc.org



Ulat ng Boluntaryo 1 Iwaki City "Iwaki Citizens' Community Broadcast" (Palayaw: SEA WAVE FM Iwaki)

Hindi magamit ang telebisyon o telepono! Sa ganitong kaso...
~Ang Community FM ay lubhang nakakatulong na magkalat ng impormasyon sa panahon ng sakuna.

Ang Iwaki City "Iwaki Citizens' Community Broadcast" (Palayaw: SEA WAVE FM Iwaki) na istasyon sa radyo na itinalaga para sa Bayan ng Iwaki, ay kinansela ang lahat ng regular na balita pagkatapos ng lindol at nagsimulang magbigay ng mahahalagang impormasyon na hindi karaniwang inihahayag ng media. Ipinagbibigay-alam ang impormasyon ukol sa kaligtasan, tirahan, tubig atbp. Bagamat ang ilang empleyado sa istasyon ng radyo ay kasama sa mga nasalanta ng lindol sila ay namalagi sa istasyon upang maipagpatuloy ang pagbabalita.

Sa tulong ng ibang istasyon na Community FM, sila ay nagbibigay ng receiver para sa mga tumitigil sa "shelters". Gayundin sa mga hindi nakakaalam ukol sa FM radyo katulad ng mga nakatatanda na nag-aakala na ang balitang FM ay para lamang sa mga kabataan ay nakatuon na rin ang atensyon sa programang ito. Ang dahilan ay ang pagbibigay nito ng mahahalagang impormasyon habang walang daan upang gamitin ang telebisyon o telepono. Ang ibinabalita ng programa ay impormasyon na hindi ayon sa media ngunit mahalaga para sa mga tao. Maraming nang mensahe ng pasasalamat ang ipinadala at ipinarating sa istasyon ng radyo.

Ang programa ay kasabay na ipinahihimpapawid sa internet (<http://www.fm-iwaki.co.jp/>). Ang kahalagahan nito ay ang kakayahan na abutin ang mga lugar na walang signal ng radyo. Mula ng maibalik ang mga "lifelines", ang istasyon ng radyo ay nagsimulang maghanda ng bagong balita na nagsasaad ng kaisipan ng mga tao, pag-asa, at emosyon ukol sa lindol. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-interview ng mamamayan o organisasyon upang maitala ang kasaysayan mula sa tunog.

May ibang nangangamba na mawala ang komunidad pagkatapos ng sakuna. Ang FM Iwaki ay magpapatuloy sa kasalukuyang pamamaraan sa iba't-ibang aspeto ayon sa layunin na "tumulong sa pagtatayo ng bagong komunidad at palakasin ang relasyon ng bawat isa sa komunidad".



Pagpakilala sa Disaster Volunteer Center ng bayan

20 Life Support Volunteer Center "Tsunagappe! Okuma" (Tayo nang Magkaisa! Okuma!)



▲ Ang namamahala na si Ginoong Watanabe ay nagbigay ng pananalita sa araw ng Pagbubukas na Seremonya. 22 tao na ang nakarehistro noong ika-15 ng Hunyo




▲ Nais naming magkaroon ng mas maraming gawain na nakatuon sa pakikipag-ugnayan, ayon kay Gng. Takeuchi.

Itinalaga noong Hunyo 14 (Tsunagappe! Okuma-Tayo nang Magkaisa) ay may layunin na gumawa ng sistema na makakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga tao sa komunidad ay maaaring sumali bilang boluntaryo sa pamamagitan ng pagirehistro sa tanggapan ng Konseho ng Kagalingang Panglipunan. Bago ang lindol may 11,500 katao ang naninirahan sa bayan ng Okuma. Mula ng aksidente sa nuclear power plant, ang bayan ay inirekomenda na lumisan. Sa kasalukuyan may 3,000 katao na pansamantalang naninirahan sa bayan ng Aizuwakamatsu, 3,000 sa ibang lugar sa Bayan ng Fukushima at ang halos 5,000 sa labas ng lalawigan. Itinalaga sa gitna ng ganitong sitwasyon, ang volunteer center ay pinangalanan na may kahilingan na magkaroon ng tuluyang pakikipag-ugnayan sa bawat tao kahit na nasa shelters. Ang tatlong pinakamahalagang ideya sa mga gawain ay ang pagsuporta sa boluntaryong gawain, pagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon at pagtulong sa shelters. Sa kasalukuyang, tinutulongan namin ang mga tao na lumipat sa pansamantalang tirahan, maglathala ng newsletters at magbigay ng relief goods. Nais naming pagtuunan ang pagbibigay ng tulong pagkatapos na sila ay lumipat sa pansamantalang tirahan. Kami ay nakatakdang gumawa ng sama-sama upang matulungan sila na maramdaman na sila ay "ligtas" ayon kay Gng. Chiemi Takeuchi, isang volunteer coordinator. Kung sinuman ang nagnanais na tumulong sa Bayan na Okuma, mangyari lamang na magrehistro kahit anong oras. Ang volunteer center ay nakahanda na makinig sa anumang problema, huwag mag-atubiling tawagan sila.




▲ Pagbubukas na Seremonya na ginanap sa local na Tanggapan ng Aizuwakamatsu sa Tanggapan ng Bayan ng Okuma. Gitna sa harap na hanay; ang Mayor at Tagapamahala rin ng Volunteer Center. Sabay na sinimulan ang paggamit ng sigaw na "Tsunagappe! Okuma" (Tayo nang Magkaisa! Okuma!)



▲ Newsletter ng "Nagomi"

Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA

Noong ika-27 ng Hunyo, 33 lugar na ang na-itatag.



★ Fukushima Disaster Volunteer CenterTel: 024-522-6540

- | | | | |
|--|---|---|---|
| <p>Hilagang parte ng peryapiktura</p> <ul style="list-style-type: none"> 1 Fukushima City Disaster Volunteer Center 2 Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center 3 Tate City Disaster Volunteer Center 4 Motomiya City Disaster Volunteer Center 5 Kori Town Disaster Volunteer Center 6 Kunimi Town Disaster Volunteer Center 7 Otama Village Disaster Volunteer Center | <p>Gitnang parte ng peryapiktura</p> <ul style="list-style-type: none"> 10 Sukagawa City Disaster Volunteer Center 11 Tamura City Disaster Volunteer Center 12 Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center 13 Tamakawa Village Disaster Volunteer Center 14 Hirata Village Disaster Volunteer Center 15 Ono Town Disaster Volunteer Center | <p>Aizu</p> <ul style="list-style-type: none"> 19 Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center 20 Life Support Volunteer Center "Tsunagappe! Okuma" (Tayo nang Magkaisa! Okuma!) 21 Kitakata City Disaster Volunteer Center 22 Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center 23 Bandai Town Disaster Volunteer Center 24 Inawashiro Town Disaster Volunteer Center 25 Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center 26 Showa Village Disaster Volunteer Center 27 Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center | <p>Timog-Aizu</p> <ul style="list-style-type: none"> 28 Shimogo Town Disaster Volunteer Center 29 Shinchi Town Disaster Volunteer Center 30 Soma City Disaster Volunteer Center 31 Minami-Soma City Disaster Volunteer Center (Kashima Ward) 32 Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) 33 Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki |
|--|---|---|---|

Gitnang parte ng peryapiktura
8 Koriyama City Disaster Volunteer Center
9 Odagaisama Center
(Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette)

Timog na parte ng peryapiktura
16 Shirakawa City Disaster Volunteer Center
17 Nishigo Village Disaster Volunteer Center
18 Yabuki Town Disaster Volunteer Center